EsP 6 Worksheet No. 6

Pangalan ___________________________________ Pangkat _____________
Petsa __________________ Marka________________

# Pagmamahal sa Kapwa Bilang Patunay sa Pag-unlad ng Ispiritwalidad

**TANDAAN:** Ang pananalig ay ang pagtitiwala sa Diyos at pagpapaunlad ng ispiritwalidad. Naniniwala tayo na ang pagmamahal sa kapwa ay pagmamahal sa Diyos. Ang pagmamahal sa kapwa ay hindi taglay ng iisa lamang. Lahat tayo ay may iba't ibang antas ng pagmamahal sa kapwa. Maaaring mas malalim ang pagmamahal ng isa kaysa sa isa, ngunit pareho silang mayroon nito. Ito ang nagpapatunay ng pagpapaunlad sa ispiritwalidad ng bawat tao. Tanging ang Diyos ang nagiging tulay sa mas malalim na pag-ibig sa kapwa. Naniniwala tayo na ang pagmamahal sa kapwa ay pagmamahal sa Diyos. Ang pagmamahal sa kapwa ay hindi taglay ng iisa lamang. Lahat tayo ay may iba't ibang antas ng pagmamahal sa kapwa. Maaaring mas malalim ang pagmamahal ng isa kaysa sa isa, ngunit pareho silang mayroon nito. Ito ang nagpapatunay ng pagpapaunlad sa ispiritwalidad ng bawat tao. Tanging ang Diyos ang nagiging tulay sa mas malalim na pag-ibig sa kapwa.

**Gawain ng Pagkatuto Bilang 1: Panuto:** Lagyan ng **tsek** (√ ) sa patlang kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa at **ekis** (x)kung hindi.

_________ 1. Nakikiisa sa mga adhikain sa paggabay sa mga batang nasa lansangan.

_________ 2. Kinukutya ang mga batang palaboy at madungis.

_________ 3. Tinulungan ang batang nangangalakal dahil lubak ang daan.

_________ 4. Pinandidirihan ang mga batang kumakain ng tira tira dahil sa kahirapan.

_________ 5. Ibinabahagi ang mga kagamitan o lumang kasuotan sa mga batang walang magamit.

**Gawain ng Pagkatuto Bilang 2: Panuto:** Isulat sa patlang ang salitang **Tama** kung ang bawat sitwasyon ay nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa at **Mali** kung hindi.

_________ 1. Tuwing Linggo ay sumasama ako sa aking guro upang magturo sa mga batang nasa lansangan.

__________ 2. Pinandidirihan ang kapitbahay na nagpositibo sa COVID-19.

__________ 3. Nakikiisa sa pagtulong sa mga *frontliner* sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagkain.

__________ 4. Ibinahagi ni Ben ang kanyang mga damit sa mga batang mananngalakal.

__________ 5. Pinagtatawanan ang kamag-aral na mahina sa klase.

**Gawain ng Pagkatuto Bilang 3: Panuto:** Basahin at unawain ang nilalaman ng pangungusap. Pilii ang letra ng tamang sagot.



LIVEWORKSHEETS

**EsP 6 Worksheet No. 6**

1. Ang pakikitungo sa kapwa ay _____________.
a. Nakabase sa estado ng tao sa lipunan
b. Nakasalalay sa kalagayang pang-ekonomiya
c. Pagtrato sa kanya nang may paggalang at dignidad
d. Pagkakaroon ng inklinasyon na maging mapag-isa.
2. Maipakikita ang pagmamahal sa kapwa sa pamamagitan ng mga sumusunod maliban sa___________.
a. Kakayahan ng taong umunawa
b. Pagmamalasakit sa kapakanan ng may kapansanan
c. Pagbibigay ng labis na atensyon sa nakakaangat sa lipunan
d. Pagtulong at pakikiramay sa kapwa

3. Ang iyong kaklase na si Rona ay tumutulong sa tindahan. Wala na siyang panahon para makapaglaro. Ano ang iyong gagawin upang maipakita ang pagmamahal sa kapwa? __________
a. Maglalaro sa tapat nila at yayaing iwanan ang tindahan.
b. Sasabihan ko siya saglit na lumabas at makipaglaro sa amin.
c. Pupunta sa kanya kasama ang ibang kamag-aral at sasabihang kawawa siya dahil hindi makapaglaro.
d. Kakausapin siya at kukwentuhan ng magagandang bagay habang siya ay nagtitinda.
4. Papalabas na kayo ng iyong ina sa simbahan nang makakita ka ng batang umiiyak sa gilid ng daan dahil sa pagkagutom. Ano ang iyong gagawin upang maipakita ang pagmamahal sa iyong kapwa? _______
a. Magkukunwaring hindi ko siya nakita
b. Yayain ang nanay na bilisan ang paglalakad.
c. Aasarin ang batang umiiyak upang lalo itong umiyak.
d. Kakausapin ko ang aking nanay na bigyan ang bata ng makakain.
5. Lumalala ang kaso ng COVID-19 sa ating bansa. Bilang isang bata, paano mo maipakikita ang pagmamahal sa iyong kapwa sa oras ng pandemya? _______
a. Tumahimik
b. Magkibit - balikat
c. Huwag pansinin
d. Maging mapanuri sa mga ibinabalita at ibahagi ito sa kapwa.

**Quarter:4,Week: 6 Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad**
**Code: EsP6PD-IVa-i16**
**Inihanda ni: Sheila G. Jove**

LIVEWORKSHEETS